Ang sinaway ko sa inyo ay iwasan ninyo at ang ipinag-utos ko sa inyo ay gawin ninyo mula rito ang makakaya ninyo

Ayon kay Abū Hurayrah `Abdirraḥmān bin Ṣakhr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang sinaway ko sa inyo ay iwasan ninyo at ang ipinag-utos ko sa inyo ay gawin ninyo mula rito ang makakaya ninyo sapagkat napahamak lamang ang mga bago pa ninyo dahil sa dami ng mga pagtatanong nila at pagsalungat nila sa mga propeta nila."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim]

Naglinaw sa atin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya, kapag sumaway siya sa atin laban sa isang bagay, ay nag-oobliga sa atin ng pag-iwas nito nang walang pagtatangi; at kapag nag-utos siya sa atin ng isang bagay, ay kailangan sa atin na gumawa tayo mula rito ng makakayanan natin. Pagkatapos nagbigay-babala siya sa atin nang sa gayon hindi tayo maging gaya ng ilan sa mga kalipunang nauna noong dinalasan nila ang mga tanong sa mga propeta nila kasama ng pagsalungat nila sa mga iyon kaya naman pinarusahan sila ni Allāh sa pamamagitan ng mga uri ng kapahamakan at pagkawasak. Kaya nararapat na hindi tayo maging tulad nila nang sa gayon hindi tayo mapahamak kung paanong napahamak sila.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/66517